


TAMANG SAGOT (TS)	
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.
	PC No. 2022-0005
	Title
	<u>Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package Revision 1</u>
Tanong	Sagot
A. Karaniwang tanong ng mga miyembro/publiko	
1. Ano ang PhilHealth Konsulta?	Ang PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama o mas kilala na PhilHealth Konsulta ay ang pinalawak na primary care benefit ng PhilHealth.
2. Sinu-sino ang maaaring makagamit ng PhilHealth Konsulta?	Ang PhilHealth Konsulta ay maaaring magamit ng lahat ng Filipino. Kinakailangan lamang na sila ay naka-rehistro sa isang Konsulta facility na kanilang pinili at accredited ng PhilHealth.
3. Paano ako magpaparehistro sa isang Konsulta facility o pasilidad na nagbibigay ng PhilHealth Konsulta Package?	Ang pagpaparehistro ay kinakailangan gawing online at makakatanggap ng confirmation mula sa PhilHealth. Maaari itong gawin sa inyong bahay (self-registration) o magtungo sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office (LHIO) o ibang ahensya na binigyan ng permiso ng PhilHealth na magsagawa ng assisted registration. Sundin lamang ang proseso na matatagpuan sa Annex A ng Circular na ito.
4. Paano kung hindi pa ako rehistrado sa PhilHealth, ano ang nararapat kong gawin?	Para sa mga hindi pa rehistrado, kinakailangan lamang na magpatala at magsumite ng PhilHealth Member Registration Form (PMRF) sa pinakamalapit na PhilHealth LHIO para mabigyan ng PhilHealth Identification Number (PIN).
5. Bakit kinakailangan kong magpaparehistro muli sa Konsulta facility?	Ang pagpaparehistro sa isang Konsulta facility ay alinsunod sa itinakda ng Universal Health Care (UHC) Law. Ito ang paraan ng pamahalaan upang masiguro na ang bawat Filipino ay mayroong doktor na tutugon sa pangagailangang pangkalusugan; at magkaroon ng continuity of care sa pamamagitan ng referral na manggagaling sa Konsulta facility.
6. Anu-anong serbisyo ang makukuha ko sa PhilHealth Konsulta?	Ang mga serbisyong makukuha dito ay ang mga sumusunod: check-up, health screening at assessment, laborator at gamot ayon sa health risks, edad at pangangailangan ng pasyente.
7. Saang pasilidad ko maaaring gamitin ang PhilHealth Konsulta?	Ito ay magagamit sa alinmang pampubliko o pribadong pasilidad na accredited ng PhilHealth bilang Konsulta facility.
8. Saan ako maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa	Maaari kayong mag-text sa PhilHealth’s Callback Channel: 0917-898-7442. Text “PHIC callback [space] Mobile Number or Metro Manila landline [space] Details of your concern” at tatawagan kayo ng

<p>benepisyong ito?</p>	<p>PhilHealth during office hours, weekdays only. (Callback requests will expire after 72 hours.)</p> <p>Call Center Hotline: (02) 8441-7442 (Self-help only; agent assistance temporarily not available)</p> <p>Email: actioncenter@philhealth.gov.ph</p> <p>Maaari rin kayo pumunta sa aming Facebook page: https://www.facebook.com/PhilHealthofficial/</p> <p>Kung wala kayong access sa mga social media accounts na nabanggit, maaari kayong bumisita sa pinakamalapit na PhilHealth LHIO sa inyong lugar para sa karagdagang impormasyon.</p>
<p>9. Maaari ba akong kumuha ng serbisyo sa isang Konsulta facility kung saan hindi ako nakarehistro?</p>	<p>Oo, ngunit kung ang layunin natin ay ang tuloy-tuloy na pangangalaga sa iyong kalusugan, kinakailangan na ikaw ay magpunta lamang sa isang Konsulta facility kung saan ka naka-rehistro.</p>
<p>10. Ano ang ATC at saan ito ginagamit?</p>	<p>Ang Authorization Transaction Code o ATC ay isang code o maihahalintulad sa One Time Pin (OTP) na kailangang ibigay sa Konsulta facility sa bawat pagbisita dito.</p>
<p>11. Saan makukuha ang ATC?</p>	<p>Ang ATC ay maaaring makuha sa alinman sa mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pag-access sa Member Portal na matatagpuan sa PhilHealth website; 2. Lumapit sa P-CARES na nakatalaga sa isang ospital; 3. Magtungo sa pinakamalapit na PhilHealth LHIO; at 4. Pagtagaw sa Corporate Action Center (CAC).
<p>12. Paano ako kukuha ng ATC?</p>	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kung ang ATC ay nanggaling sa Member Portal, maaari itong i-print, kuhanan ng litrato gamit ang cellphone o isulat ang ATC sa isang kapisang papel. 2. Kung ang ATC ay kinuha sa isang PhilHealth LHIO o P-CARES, maaari itong kuhanan ng litrato gamit ang cellphone o humingi ng printed copy. 3. Kung ang ATC ay itinawag sa Corporate Action Center, maaaring isulat sa isang kapisang papel ang ATC.
<p>13. Paano kung wala akong nakuhang ATC, maaari pa ba ako makagamit ng aking benepisyong?</p>	<p>Kung walang paraan na ikaw ay makakakuha ng ATC, maaari kang magtungo sa iyong Konsulta facility at kinakailangan magpakuha ka ng litrato dito.</p>
<p>B. Karaniwang tanong ng mga Health Care Provider</p>	
<p>14. Anu-ano ang mga kailangan</p>	<p>Para sa listahan ng mga kinakailangang dokumento, basahin ang</p>

<p>isumite sa PhilHealth upang maging accredited Konsulta facility?</p>	<p>PhilHealth Circular No. 2020-2021.</p>
<p>15. Magkano ang makukuhang benepisyong ng isang accredited PhilHealth Konsulta provider?</p>	<p>Para sa mga pampublikong pasilidad, ang babayaran ng PhilHealth ay Php 500.00 kada tao.</p> <p>Para sa mga pribadong pasilidad, ang babayaran ng PhilHealth ay Php 750.00 kada tao at pinapayagan ng PhilHealth na sila ay maningil ng karagdagan bayad (co-payment) na hindi lalampas sa Php 500.00 (co-payment) kada taon sa bawat taong naka-rehistro sa kanila.</p> <p>Para sa detalye ng benepisyong, mangyari lamang basahin ang Annex H ng Circular na ito.</p>
<p>16. Paano ang magsusumite ng mga ulat o report sa PhilHealth?</p>	<p>Ang pagsusumite ng mga ulat o report sa PhilHealth ay kinakailangang electronic. Ang bawat pasilidad ay bibigyan ng interim system na tinatawag na eKonsulta.</p> <p>Ang mga resulta ng consultation, laboratory at mga naibigay na medisina sa bawat pasyente na pupunta sa isang Konsulta facility ay kailangan i-encode sa eKonsulta.</p>
<p>17. Ano ang Statement of Account Payable (SAP)?</p>	<p>Ang SAP ay isang dokumento kung saan makikita ang halaga na ibabayad na benepisyong ng PhilHealth sa isang accredited na Konsulta facility.</p>
<p>18. Paano magkakaroon ng SAP ang isang Konsulta facility?</p>	<p>Punan ang form na Request for SAP Generation na makikita sa Annex K ng Circular na ito at ipapadala sa PhilHealth-LHIO thru email o isumite sa pinakamalapit na LHIO sa inyong lugar.</p>
<p>19. Kailan maaring magsumite ng Request for SAP Generation?</p>	<p>Ang Request for SAP Generation ay maaaring gawin lamang sa ika-1 hanggang ika-15 na araw kada buwan. Pagkalampas nito, hindi na maaring magsumite ng request. Sa unang 15 araw (first 15 days) ng susunod na buwan maaaring magsumite muli ng Request for SAP Generation.</p>